**HO 2: Anim na Panuntunan ng IASC**
Hinango mula sa IASC Six Core Principles bersyong Ingles, *IASC Six Core Principles | IASC / PSEA (interagencystandingcommittee.org)* (2019)

**Mga patakaran sa sekswal na pag-uugali para sa mga manggagawa ng organisasyong humanitarian:**

1. Ang mga humanitarian worker ay maaaring disiplinahin – o kaya sisantehin – para sa hindi katanggap-tanggap na pag-uugali na may kaugnayan sa sex.
2. Ang mga humanitarian worker ay hindi maaaring magkaroon ng sekswal na relasyon sa sinumang wala pang 18 taong gulang, kahit na ito ay legal sa kanilang bansa. Ang pagsasabi na hindi nila alam ang tunay na edad ng tao ay hindi katanggap-tanggpa na dahilan.
3. Ang mga humanitarian worker ay hindi pinapayagang magbayad para sa pakikipagtalik gamit ang pera, trabaho, produkto o serbisyo – kabilang ang mga produkto at serbisyong nilayon bilang tulong sa mga taong nangangailangan. Hindi nila dapat gamitin ang mga pangako ng mga bagay na ito para tanggapin ng ibang tao ang anumang uri ng kilos na namamahiya o nananamantala sa kanila. Kabilang dito ang pagbabayad o pag-aalok ng pera para sa pakikipagtalik sa isang puta.
4. Ang mga humanitarian worker ay may impluwensya sa kung sino ang makatatanggap ng mga produkto at serbisyo. Ito ay naglalagay sa kanila sa isang posisyon ng kapangyarihan sa mga taong nangangailangan ng tulong. Sa kadahilanang iyon, ang mga humanitarian worker ay hindi maaaring magkaroon ng sekswal na relasyon sa sinumang apektado ng isang humanitarian emergency. Ginagawa ng mga ganitong relasyon na magmukhang hindi gaanong tapat at kapani-paniwala ang humanitarian action.
5. Kung ang isang humanitarian worker ay nag-aalala o naghihinala na ang sinuman sa kanilang organisasyon o ibang organisasyong humanitarian ay maaaring lumabag sa mga patakaran sa sekswal na pag-uugali, dapat nilang iulat ito, alinsunod sa mga pamamaraang itinakda ng kanilang ahensya.
6. Ang mga humanitarian worker ay dapat lumikha at magpanatili ng isang kapaligiran sa trabaho na pumipigil sa hindi katanggap-tanggap na sekswal na pag-uugali at hinihikayat ang mga kawani na kumilos ayon sa itinakda sa kanilang mga pamantayan ng pagkilos. Ang lahat ng mga tagapamahala ay may pananagutan sa pagsuporta at pagbuo ng mga sistema na nagpapanatili ng kapaligirang ito.